



Comune di Bologna
Area Educazione, Istruzione e Nuove Generazioni



Scuola
è Bologna

Centro Documentazione e Intercultura RiESco
UI Sistema formativo Integrato Infanzia e Adolescenza

PAGHAHANDA PARA SA LIGTAS NA PAGBABALIK ESKUWELA NG MGA ANAK

MGA MUNGKAHI PARA SA PAMILYA

Pagsasaling wika mula sa Centro RiESco
del documento USR Emilia-Romagna

**School Year 2020/21 at ang Covid 19. Mga babasahin para sa pagsisimula ng klase -
16. Pagbabalik eskuwela ng ligtas. Mga dapat tandaan para sa pamilya.**

Kailan hindi maaaring pumasok ng eskuwela ang inyong anak

- Gamit ang termometro, sukatin tuwing umaga ang temperatura ng inyong anak. Kung ang kanyang temperatura ay mas mataas kaysa 37,5 degrees, hindi siya maaring pumasok sa eskuwelahan.
- Kung ang inyong anak ay masakit ang lalamunan, inuubo, nagtatae, masakit ang ulo, nagsusuka o masakit ang katawan, hindi siya maaring papasukin sa eskuwelahan.
- Kung ang inyong anak ay may nakasama na may impeksyon ng Covid, hindi siya maaring pumasok sa eskuwelahan, at kailangan ninyong sumunod sa panuntunan ukol sa quarantine (magtanong sa inyong doktor kung ano ang inyong dapat gawin).

Mga impormasyon na dapat ibigay sa eskwelahan:

- Ipaalam ang pangalan, apelyido, numero ng telepono o celfon, lugar na pinagtrabahuhan, at iba pa, ng tao na maaring pumunta at kumuha sa inyong anak kapag may naramdaman siyang hindi maganda sa eskuwela.

Pagsunod sa mga panuntunan at mabuting asal

Turuan ang inyong anak na maghugas ng mabuti ng mga kamay. Ang mga kamay ay dapat hugasan bago at pagtapos kumain, kapag bumahing, kapag umubo. Kailangan hugasan din ang kamay bago magsuot ng facemask. Ipaliwanag sa inyong anak bakit importante hugasan ang kamay parati.

Pagbaunin ng isang bote ng tubig ang inyong anak. Sulatan ito ng pangalan at apelyido ng inyong anak. Mula sa bote ng tubig na eto ay siya lang ang pwedeng uminom.

- Tulungan ang anak na ihanda ang kanyang bitbitin tuwing umaga. Ilagay ang disinfectant sa kamay at pamalit na facemask sa kanyang bag. Kapag balik ng inyong anak sa bahay mula sa eskuwela, kailangan maghugas agad ng kamay.. Ang facemask na disposable ay kailangan agad itapon, ang facemask na gawa sa tela ay dapat agad labahan.
- Sabihin sa anak anu-ano ang mga pag-iingat na dapat gawin sa paaralan:
 - Sa eskuwela ay kailangan palagi maghugas o linisin ng disinfectant ang mga kamay
 - Sa eskuwela kailangan panatilihin ang 1 metro na distansya sa bawat tao
 - Sa eskuwela kailangan palaging magsuot ng facemask
 - Sa eskuwela hindi pwede maghiraman ng gamit gaya ng botilya, lapis, libro, notebook, at iba pa.
- Planuhin ang pagpasok at pag-uwi ng inyong anak mula sa eskuwela:
 - Kung ang inyong anak ay pumapasok sa eskuwela gamit ang treno, bus, o school bus kinakailangan palagi niyang suot ang facemask at huwag hawakan ang mukha kung hindi pa nalilinis o na disinfect ang mga kamay. Ipaliwanag sa maliliit na bata na huwag isubo ang mga daliri sa bunganga. Kailangan sumunod sa regulasyon sa loob ng loob ng bus, treno o

school bus (pwesto ng upuan, pwesto kung saan maaring umupo, distansya ng layo sa tao, at iba pa)

- Kung ang inyong anak ay pumapasok gamit ang kotse at may kasamang ibang bata, panatilihin ang distansya mula sa tao at alalahanin ang pag disinfect ng mga kamay.
- Bilang mga magulang, maging mabuting ehemplo ng pagsunod sa mga panuntunan na ito para sa inyong mga anak.

Impormasyon sa pagitan ng eskuwela at pamilya

- Alamin kung paano ipinapaalam ng eskuwlahan sa mga pamilya kung may kaso ng COVID at kung ano ang maaring gawin sa ganitong pagkakataon.
- Alamin ang mga panuntunan ng paaralan sa pagsasagawa ng PE o sports, mga panlabas na aktibidad, sa oras ng pagkain at sabihan ang inyong anak ukol dito at na sundin ang mga ito.
- Sabihan ang inyong anak sa sumunod sa mga regulasyon ng eskuwela tungkol sa COVID upang maiwasan ang pagkalat ng sakit na ito.

Facemask

- Magpanatili ng sapat na supply ng facemasks sa inyong mga tahanan upang may pampalit tuwing kinakailangan.
- Maglagay ng extra na facemask para sa inyong anak, ilagay sa loob ng bag na nakapaloob sa isang lalagyan. Maglagay ng maliit na lagayan o maliit na bag sa gamit ng inyong para:
 - Kung saan ilalagay ang facemask kapag kumakain. Ipaliwanag sa inyong mga anak na ang facemask ay hindi dapat iniwan o ipinapatong sa lamesa, silya, at iba pa.
 - Mettere la mascherina sporca che deve portare a casa per essere lavata.
- Kung ang inyong mga anak ay gumagamit ng facemask na gawa sa tela o na lalabahan kailangang:
 - Takip ang buong ilong at bibig hanggang sa may pisngi
 - Naka fix sa may tenga gamit ang elastic o garter
 - Kailangan mayroong hindi bababa sa dalawang layer ng tela
 - Nakakahinga ng mabuti
 - Kailangan labahan ng sabon at tubig at pinalantsa ng mabuti (ang vapore ng plantsa na 90° ay isang uri ng natural na disinfectant at walang kontraindikasyon).
- Kailangang may palatandaan ang facemask upang madaling matukoy ng inyong anak kung alin ang kanya at hindi maipagpalit sa mga kklase o kasamahan sa eskuwela.
- Turuan ang inyong anak ng tamang pagsuot ng facemask hawak lamang ang garter o elastic.

Iba pang mga mungkahi

- Ipaliwanag sa inyong mga anak na hindi lahat sa eskuwelahan at parating may suot na facemask kaya kailangan ang distansya sa tao, magsuot ng facemask at sumunod sa mga sinasabi ng mga guro.
- Kung mayroon kang maliit na anak, ipaliwanag ang mga pagbabago sa eskuwela.
 - May distansya ang kanilang mga upuan
 - Ang mga guro ay ipapatupad ang distansya ng bawat bata
 - Sa ilang eskuwelahan ay mayroong kumakain sa klase
- Kapag uwi sa bahay ay kumustahin ang anak:
 - Tanungin kung siya ay may nararamdaman
 - Tulungan siyang harapin ang mga bagay na bumabagabag sa kanya
- Kung magsabi siya ukol sa hindi magandang inaasal ng mga kaklase sa eskuwela, ipagbigay alam kaagad sa guro o sa principal.
- Maging mapagmasid sa pagbabago sa inaasal o ugali ng inyong anak. Palaging umiiyak, malungkot, hindi nakakain at nakakatulog ng maayos, hindi makapag-concentrate ng maayos: ito ay maaring mga sintomas ng stress o anxiety. Pero maging maiingat din na huwag ikaw ang magbigay ng stress o matinding pag-aalala sa iyong anak.
- Importante na dumalo sa mga meeting ng eskuwela, kahit na online: ang pagkakaroon ng sapat na impormasyon ay nakakapag-alis ng stress o mabigat na alalahanin.

Mga mungkahi para sa mga pamilyang may anak na may disability

Mga problema sa kalusugan na may kinalaman sa impeksyon (COVID):

- Makipag-usap sa neuropsychiatra at doktor kung:
 - Kung ang kondisyon ng iyong anak ba ay kinakailangan ng mga partikular na bagay na dapat sundin o malaman ukol sa COVID. Kung kinakailangan, alamin ang mga tiyak na solusyon.
 - Ang eskuwela at ang 118 kailangan alam ang kanilang dapat sundin na gagawin kung sakaling ang inyong anak ay magkaroon ng karamdaman sa loob ng eskuwelahan.
 - Kailangan kumuha at magsubmit ng medical certificate kung ang iyong anak ay may mababang immune system o may karamdaman at hindi maaring pumasok sa eskuwelahan. I-submit ang medical certificate sa eskuwelahan. Ang eskuwelahan ay magbibigay ng distance learning o pagtuturo online.

Good hygiene

- Maglagay ng tissue na singahan ng inyong anak sa loob ng kanyang bag. Turuan siyang itapon ang tissue tuwing pagkatapos gamitin. Maglagay din ng wet tissue na disinfectant sa bag ng inyong anak at turuan siyang gamitin ito.

- Turuan ang inyong anak na huwag iinom mula sa gripo. Maglagay sa bag niya ng isang bote ng tubig na may pangalan niya.
- Turuan ang inyong anak na huwag hahawakan ang mukha nang hindi pa nahuhugasan o na disinfect ang mga kamay.

Paggamit ng mga personal protective equipment

“Ang mga estudyante na may disability na hindi maaring magsuot ng facemask ng matagalan ay hindi inoobligahang magsuot ng facemask”.

- Kausapin ang inyong doktor kung kailangan bang magdala ng facemask ang inyong anak sa paaralan.
- Kung kinakailangan niyang magdala ng facemask, turuan siyang mabuti paano gamitin ito. Ito ay importante para sa kanyang kaligtasan.
- Kung hindi siya maaaring gumamit ng facemask o faceshield, ipaliwanag sa inyong anak kung bakit ang mga nakapaligid sa kaniyang ibang tao ay kinakailangan magsuot ng mga ito.
- Kung ang inyong anak ay hindi nakakarinig o bingi, at nag li-lip reading, pakiusapan ang eskuwelahan na bigyan siya at ang buong klase ng transparent na face shield o transparent na facemask.

Problema sa pag biyahe papuntang eskuwelahan

- Kung sasabihin ng doktor na may panganib na mahawa ang inyong anak sa pagbibiyahe patungong eskuwela, humingi ng medical certificate, i-submit ito sa comune at sa eskuwelahan.

Paggamit ng mga palikuran o banyong pampubliko

- Alamin sa eskuwelahan paano ang paggamit ng pampublikong palikuran para sa mga batang may disability.
- Turuan ang inyong anak, kung maari, na linisin ng wet tissue o disinfectant ang gripo, hawakan ng pinto, upuan at mga ibabaw ng toilet bowl bago gamitin.
- Turuan ang inyong anak na hugasan o linising mabuti ang kamay pagkatapos gumamit ng banyo at bago pumasok sa klase.

Mga karagdagang mungkahi para sa mga pamilyang may mga anak na may learning disability

- Humingi sa eskuwelahan ng lahat ng impormasyon (nakasulat man o naka-record) ukol sa mga patakaran para pag-iingat mahawa sa sakit.

- Ipaliwanag sa inyong anak lahat ng dapat sundin sa paaralan at siguraduhin na naiintindihan niyang mabuti ang mga ito.
- Tulungan ang inyong anak tuwing umaga na ayusin at ihanda lahat ng gamit na kinakailangan niya sa pagpasok.
- Tandaang sabihan ang inyong anak na huwag manghihiram ng mga gamit at huwag magpapahiram. Hindi dahil sa pagmamalaki o pagmamayabang, ngunit para sa kaligtasan ng lahat.

Traduzione in tagalog a cura di



AIPI Coop. soc.